

Aralin 6 – Kapit Bisig

“*Kapit bisig*” - Ang salitang ito ay naglalarawan ng pakikipaglaban sa isang makapangyarihan. Sa nakaraang pag-aaral, ating tinalakay ang pagpapasakop sa kinauukulan. Ngayon naman ay ating tatalakayin kung kalian nararapat makipaglaban at manindigan.

Kung ikaw ay mayroong pitong taong gulang na anak na madalas takutin at saktan ng isang batang siga sa kanilang paaralan, ano ang iyong ipapayo sa kanya? Manalangin habang siya ay sinasaktan o lumaban at ipagtanggol ang sarili?

Kung ikaw ay inutusan ng iyong amo na baguhin ang nakasulat na presyo sa resibo upang makaiwas sa pagbayad ng tamang buwis, ikaw ba ay susunod bilang pagpapasakop?

Kung ang inyong Meyor ay nagwagi na naman sa halalan ngunit nakita mo ang mga ginawa niyang pagbibili ng boto at pananakot ng kanyang mga *body guards* sa mga ayaw bomoto rito, ano ang iyong gagawin?

Nasasaklaw ba ng prinsipyo ng pagpapasakop ang mga sitwasyong nabanggit? Ano ang sinasabi ng Salita ng Diyos patungkol sa pakikipaglaban at paninindigan? Tignan natin ang naging halimbawa ni Haring David at ni Daniel sa Biblia.

Sinabi nig Haring David sa Awit 144:1(TAB) “*Purihin ang Panginoon na aking malaking bato, na tinuturuan ang mga kamay ko na makipagdigma, at ang mga daliri ko na magsilaban*”.

Si Haring David ay di naghahanap ng away nang isulat niya ang awit na ito, ipinagtanggol lamang niya ang kanyang sarili, naninindigan sa katuwiran. Hindi siya nanatiling walang kibo at nanalangin lamang. Bagkus siya ay kumilos bilang sagot sa kanyang panalangin.

Dahil sa inggit, si Daniel ay ginawan ng patibong ng mga opisyaes ng hari. Bagamat ang hari ay mahal si Daniel, nagawa nilang maparusahan ng hari si Daniel ng kamatayan. Ito ay sa pamamagitan ng pagsuway ni Daniel sa utos ng hari na may kaugnayan sa kanyang pananampalataya. Nagawa ng mga kalaban ni Daniel na makapag-labas ng utos ang hari na taliwas sa utos ng Diyos. Bagamat kamatayan ang parusa sa pagsuway sa utos ng hari, si Daniel ay nanindigan sa katuwiran at sinunod ang utos ng Diyos. Sa kabila nito, nakitaan si Daniel ng lubos na paggalang sa kapangyarihan ng hari na itinalaga ng Diyos sa kanyang kapanahonan. Ang paninindigan ay hindi kalian man magiging sagabal sa paggalang at pagpapasakop ni Daniel sa kinauukulan.

Kapit bisig, ito ay kailangan upang manindigan at ipaglaban ang katuwiran. Ngunit iwasan kung ito ay nagagamit bilang sandata laban sa kinauukulan. Maaari nating tuligsain ang mga kasamaan sa gobyerno, ngunit hindi ang gobyerno.

Pagbulay-bulayan at Gawin

1. Basahin ang 1 Pedro 2:11-17 at ikumpara sa Taga-Roma 13:1-7.
2. Ano-anong prinsipyo sa pagpapasakop at paninindigan ang iyong nakita sa mga talatang ito?

3. Ano ang kaibahan ng pagtuligsa sa kasamaan na ginagawa ng kinauukulan sa pagtuligsa sa kinauukulan?
4. Ano ang kaibahan ng paninindigan sa pagrerebelde sa kinauukulan?
5. Paano ka maninindigan sa katuwiran nang may paggalang at pagpapasakop?